

Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan) 2020 *Direktoryo ng Provider at Parmasya*

Panimula

Ang *Direktoryo ng Provider at Parmasya* na ito ay may impormasyon tungkol sa mga uri ng provider at parmasya sa Health Net Cal MediConnect, at listahan ng lahat ng provider at parmasya mula sa petsa ng Direktoryong ito. Makikita sa listahan ang address at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng provider at parmasya, at ang iba pang detalye gaya ng mga araw at oras ng trabaho, mga espesyalidad, at mga kasanayan. Nakasaad ang mahahalagang termino at ang mga kahulugan ng mga ito sa huling kabanata ng *Handbook ng Miyembro*, nang nakaayos ayon sa alpabeto.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, 1 bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Talaan ng Nilalaman

Mga Disclaimer	3
Mga Provider	6
Mga Mahahalagang termino.....	6
Pagpili ng Primary Care Provider (PCP)	8
Mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS).....	9
Paano tumukoy ng mga provider na nasa network ng Health Net Cal MediConnect.....	10
Paano humanap ng mga provider ng Health Net Cal MediConnect sa iyong lugar.....	11
Mga provider na nasa network ng Health Net Cal MediConnect	12
Impormasyon tungkol sa Accessibility.....	13
Paano tumukoy ng mga parmasyang nasa network ng Health Net Cal MediConnect.....	15
Mga pangmatagalang supply ng mga inireresetang gamot.....	16
Mga parmasyang nasa network ng Health Net Cal MediConnect	17
Mga mail order pharmacy	17
Mga home infusion pharmacy.....	17
Mga long-term care pharmacy	17
Mga Specialty Pharmacy	18



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Mga Disclaimer

- ❖ Ang Health Net Community Solutions, Inc. ay isang planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa Medicare at Medi-Cal upang maipagkaloob ang mga benepisyo ng parehong programa sa mga nagpapatala.
- ❖ Nakalista sa Direktoryong ito ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan (gaya ng mga doktor, nurse practitioner, at psychologist), pasilidad (gaya ng mga ospital o klinika), at provider ng suporta (gaya ng mga provider ng pangangalaga sa Kalusugan ng Mga Nasa Hustong Gulang sa Araw (Adult Day Health) at Kalusugan sa Tahanan (Home Health) na maaari mong puntahan bilang miyembro ng Health Net Cal MediConnect. Inilista rin namin ang mga parmasya na maaari mong kunan ng iyong mga inireresetang gamot.
- ❖ Tatawagin naming “mga provider na nasa network” ang mga pangkat na ito sa Direktoryong ito. Lumagda ang mga provider na ito ng kontrata sa amin upang magbigay sa iyo ng mga serbisyo. Isa itong listahan ng mga provider na nasa network ng Health Net Cal MediConnect para sa lugar na ipinapakita sa harapan ng Direktoryong ito.
- ❖ Walang obligasyon ang mga provider na wala sa network/hindi nakakontratang provider na gamutin ang mga miyembro ng Health Net Cal MediConnect, maliban sa mga emergency na sitwasyon. Pakitawagan ang aming numero ng Mga Serbisyo sa Miyembro o tingnan ang iyong Handbook ng Miyembro para sa higit pang impormasyon, kabilang ang pagbabahagi sa gastos na nailalapat sa mga serbisyonang wala sa network.
- ❖ Maaari mong makuha ang dokumentong ito nang libre sa iba pang format, tulad ng malaking print, braille, o audio. Tumawag sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaaring hilingin sa iyong mag-iwan ng mensahe pagkalipas ng mga oras na bukas, tuwing weekend, at holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag.
- ❖ Kung gusto mong makuha ang mga dokumento sa ibang wika at/o format para sa mga pagpapadala sa koreo sa hinaharap, pakitawagan ang Member Services. Tinatawag itong "standing request". Itatala namin ang iyong pinili. Kung sa kinalaunan ay gusto mong palitan ang iyong piniling wika at/o format, pakitawagan ang Member Services. Hanapin ang numero ng telepono ng Member Services sa ibaba ng pahinang ito.
- ❖ Kasama sa Direktoryong ito ang mga provider ng mga serbisyo ng Medicare at Medicaid.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

- ATTENTION: If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-855-464-3571 (TTY: 711) from 8 a.m. to 8 p.m., Monday through Friday. After hours, on weekends and on holidays, you can leave a message. Your call will be returned within the next business day. The call is free.

تنبيه: إذا كنت تتحدث العربية، تتوفر لك خدمات المساعدة اللغوية مجانًا. يُرجى الاتصال بالرقم 1-855-464-3571 (TTY: 711)، من الساعة 8:00 صباحًا حتى 8:00 مساءً، من يوم الاثنين إلى الجمعة، وللاتصال في غير أوقات الدوام الرسمي، أيام الأجازات والعطلات، يمكنك ترك رسالة سنرد على مكالمتك في يوم العمل التالي. هذه المكالمة مجانية.

- ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ՝ Եթե Հայերեն եք խոսում, անվճար լեզվական օգնության ծառայություններ են հասնում Ձեզ : Ձանգահարեք 1-855-464-3571 (TTY՝ 711): Մի անձ այստեղ է Ձեզ հետ զրուցելու նպատակով երկուշաբթիից ուրբաթ, կ.ա. 8:00-ից կ.հ. 8:00-ը: Աշխատանքային ժամերից անց, հանգստյան օրերին եւ տոներին, կարող եք թողնել հաղորդագրություն: Ձեր զանգը կվերադարձվի հաջորդ աշխատանքային օրվա ընթացքում: Հեռախոսազանգն անվճար է:

- ចំណាប់អារម្មណ៍: បើសិនអ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ សេវាជំនួយភាសាភតគិតថ្លៃ គឺមានសំរាប់អ្នក។ ទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-855-464-3571 (TTY: 711) ពីម៉ោង 8 ព្រឹក ដល់ 8 យប់ ថ្ងៃច័ន្ទ រហូតថ្ងៃសុក្រ។ បន្ទាប់ពីម៉ោងធ្វើការ នៅចុងអាទិត្យ និងថ្ងៃបុណ្យ អ្នកអាចទុកសារសំព្ទបាន។ អ្នកនឹងត្រូវបានទូរស័ព្ទមកវិញ នៅថ្ងៃធ្វើការបន្ទាប់ទៀត។ ការហៅនេះ គឺឥតចេញថ្លៃឡើយ។**

- 請注意：如果您使用中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 1-855-464-3571 (聽障專線：711)。週一至週五，上午 8 點到下午 8 點。非營業時間、週末及假日，您可以留言。我們會在下一個工作日給您回電。此專線為免付費電話。

توجه: اگر به فارسی صحبت می کنید، خدمات امداد زبانی به طور رایگان در اختیار شما می باشند. یا شماره (TTY: 711) 1-855-464-3571 از ساعت 8:00 صبح تا 8:00 شب، دوشنبه تا جمعه تماس بگیرید. بعد از ساعات کاری، در آخر هفته ها و تعطیلات رسمی، می توانید پیام بگذارید. به تماس تلفنی شما در روز کاری بعدی پاسخ داده خواهد شد. این تماس رایگان است.

- 알림:귀하께서한국어를 사용하시는 경우 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 1-855-464-3571 (TTY: 711)번으로 월요일 - 금요일, 오전 8시부터 오후 8시까지 전화하십시오. 영업시간 이후, 주말 및 공휴일에는 메시지를남기실 수 있습니다. 다음 영업일에 저희가 귀하께 전화를 드리겠습니다. 안내전화는 무료입니다.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

- **ВНИМАНИЕ:** Если вы говорите по-русски, мы можем предложить вам бесплатные услуги переводчика. Звоните по телефону 1-855-464-3571 (TTY: 711). Вы можете получить необходимую информацию непосредственно у сотрудника плана с понедельника по пятницу с 8:00 часов утра до 8:00 часов вечера. В нерабочее время, а также в выходные и праздничные дни, вы можете оставить сообщение. Вам перезвонят на следующий рабочий день. Звонок бесплатный.
- **ATENCIÓN:** Si usted habla español, hay servicios de asistencia de idiomas disponibles para usted sin cargo. Llame al 1-855-464-3571 (TTY: 711) de 8:00 a.m. a 8:00 p.m., de lunes a viernes. Después del horario de atención, los fines de semana y los días feriados puede dejar un mensaje. Le devolveremos la llamada el siguiente día hábil. La llamada es gratuita.
- **PAALALA:** Kung nagsasalita ka ng Tagalog, available sa inyo ang mga serbisyo ng tulog sa wika, nang walang singil. Tumawag sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag.
- **XIN LƯU Ý:** Nếu quý vị nói tiếng Việt, chúng tôi sẵn có dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho quý vị. Hãy gọi 1-855-464-3571 (TTY: 711) từ 8 giờ sáng đến 8 giờ tối, từ thứ Hai đến hết thứ Sáu. Sau giờ làm việc, vào các ngày cuối tuần và ngày lễ, quý vị có thể để lại tin nhắn. Cuộc gọi của quý vị sẽ được hồi đáp vào ngày làm việc hôm sau. Cuộc gọi này miễn phí.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

- ❖ Huling na-update ang listahan noong araw na isinagawa mo ang iyong paghahanap, ngunit kailangan mong malaman na:
 - May ilan sa mga provider na nasa network ng Health Net Cal MediConnect na maaaring idinagdag o inalis mula sa aming network pagkatapos i-publish ang Direktoryong ito.
 - May ilan sa mga provider ng Health Net Cal MediConnect na nasa aming network na maaaring hindi na tumanggap ng mga bagong miyembro. Kung nahihirapan kang makahanap ng provider na tatanggap ng mga bagong miyembro, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-855-464-3571 (TTY:711) at tutulungan ka namin.
 - Upang makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa mga provider na nasa network ng Health Net Cal MediConnect sa iyong lugar, pumunta sa www.healthnet.com/calmediconnect o tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-855-464-3571 (TTY:711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Libre ang tawag.

Nakalista sa mga pahina sa seksyong *Primary Care Provider* ang mga doktor at iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nasa network ng Health Net Cal MediConnect. Nakalista sa mga pahina sa seksyong *Parmasya* ang mga Parmasyang nasa aming network.

Mga Provider

Mga Mahahalagang Termino

Ipinapaliwanag sa seksyong ito ang mahahalagang terminong makikita mo sa aming *Direktoryo ng Provider at Parmasya*.

- Ang **Mga Provider** ay mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at mga provider ng suporta tulad ng mga doktor, nurse, pharmacist, therapist, at iba pang taong nagbibigay ng pangangalaga at mga serbisyo. Kasama sa **Mga Serbisyo** ang pangangalagang medikal, mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS), supply, inireresetang gamot, kagamitan, at iba pang serbisyo.
 - Kasama rin sa terminong mga provider ang mga pasilidad gaya ng mga ospital, klinika, at iba pang lugar na nagbibigay ng mga medikal na serbisyo, kagamitan, at pangmatagalang serbisyo at suporta.
 - Ang mga provider na bahagi ng network ng aming plano ay tinatawag na mga provider na nasa network.
- Ang **mga provider na nasa network** ay mga provider na nakipagkontrata sa amin upang magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro ng aming plano. Sa pangkalahatan, sinisingil kami nang direkta ng mga provider para sa pangangalagang ibinibigay nila sa iyo. Kapag nagpatingin ka sa isang network



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

provider, kadalasan ay wala kang babayaran para sa mga nasasaklawang serbisyo.

- Ang **Primary Care Provider (PCP)** ay isang doktor na pampamilya, pangalahatang doktor, pediatrician, primary care clinic, o doktor ng internal medicine na nagbibigay sa iyo ng regular na pangangalagang pangkalusugan. Itatabi ng iyong PCP ang mga talang medikal mo at aalamin ang iyong mga pangangailangang pangkalusugan sa paglipas ng panahon. Bibigyan ka rin ng iyong PCP ng isang **referral** kung kailangan mong magpatingin sa espesyalista o iba pang provider.
- Ang **Mga Espesyalista** ay mga doktor na nagbibigay ng serbisyong pangangalagang pangkalusugan para sa isang partikular na sakit o bahagi ng katawan. Maraming uri ng espesyalista. Narito ang ilang halimbawa:
 - Ang Mga Oncologist ay nangangalaga para sa mga pasyenteng may cancer.
 - Ang Mga Cardiologist ay nangangalaga para sa mga pasyenteng may sakit sa puso.
 - Ang Mga Orthopedist ay nangangalaga para sa mga pasyenteng may ilang partikular na sakit sa buto, kasukasuan, o kalamnan.
- Ang Medical Group ay isang pangkat ng mga PCP, espesyalista, at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan na nagtatrabaho nang sama-sama at kinontrata upang makipagtulungan sa aming plano.
- Maaaring kailanganin mo ng **referral** upang magpatingin sa isang espesyalista o isang taong hindi ang iyong PCP. Ang **referral** ay nangangahulugan na dapat mo munang kunin ang pag-apruba ng iyong primary care provider (PCP) bago ka magpatingin sa ibang tao bukod sa iyong PCP. Kung hindi ka makakakuha ng referral, maaaring hindi saklawin ng Health Net Cal MediConnect ang serbisyo.
 - Hindi kinakailangan ang mga referral mula sa iyong network ng PCP para sa:
 - Pangangalagang pang-emergency;
 - Pangangalagang kinakailangan kaagad;
 - Mga serbisyo para sa dialysis ng kidney na kinukuha mo sa isang pasilidad para sa dialysis na sertipikado ng Medicare kapag nasa labas ka ng pinagseserbisyuhang lugar ng plano; o
 - Mga serbisyo mula sa isang espesyalista sa kalusugan ng mga babae.
 - Bukod pa rito, kung kwalipikado kang makatanggap ng mga serbisyo mula sa mga Indian na provider ng kalusugan, maaari kang magpatingin sa mga provider na ito nang walang referral. Dapat naming bayaran para sa mga serbisyong iyon ang mga Indian na provider ng kalusugan kahit na wala sila



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

sa network ng aming plano.

- Available ang higit pang impormasyon ukol sa referral sa Kabanata 3 ng *Handbook ng Miyembro*.
- Mayroon ka ring access sa isang coordinator at team ng pangangalaga na pipiliin mo.
 - Ang **Coordinator ng Pangangalaga** ang tumutulong sa iyong pamahalaan ang iyong mga provider at serbisyong medikal.
 - Ang iyong **Team ng Pangangalaga** ay isang pangkat ng mga taong makikipagtulungan sa iyo upang bumuo ng Indibidwal na Plano ng Pangangalaga upang matugunan ang iyong mga pangangailangan sa kalusugan at suporta, na aayon sa mga kagustuhan at layunin mo.
 - Ang iyong **Team ng Pangangalaga** ay nagsisimula sa iyong Primary Care Provider at Coordinator ng Pangangalaga. Maaaring kasama sa iba pang miyembro ng team ang eksperto sa kalusugan sa pag-uugali o serbisyong social, physician specialist, o dietician.
 - Ang **Personal na Plano ng Pangangalaga** ay ang listahan ng mga layunin sa pangangalagang pangkalusugan na sinasang-ayunan mong abutin kasama ng iyong Team ng Pangangalaga. Kasama sa mga layuning ito ang:
 - Pangangalaga sa kalusugan ng iyong pangangatawan;
 - Pangangalaga sa kalusugan ng iyong pag-iisip;
 - Mga pangmatagalang serbisyo at suporta. (Para ito sa mga taong kinakailangan ng tulong sa mga pang-araw-araw na gawain tulad ng paliligo, pagbibihis, paghahanda ng pagkain, at pag-inom ng gamot.)
- Nagtutulong ang lahat ng nasa team ng pangangalaga upang siguraduhing nagtutugma ang iyong pangangalaga. Nangangahulugan ito na sinisigurado nilang isinasagawa nang sabay ang mga pagsusuri at lab at ibinabahagi ang mga resulta sa mga naaangkop na provider. Nangangahulugan din ito na dapat malaman ng iyong PCP ang lahat ng gamot na iniinom mo nang sa gayon ay maaari niyang bawasan ang anumang negatibong epekto. Palagiang kukunin ng iyong PCP ang pahintulot mo bago ibahagi ang iyong impormasyong medikal sa iba pang provider.

Pagpili ng Primary Care Provider (PCP)

Maaari kang makatanggap ng mga serbisyo mula sa sinumang provider na nasa aming network at tumatanggap ng mga bagong miyembro.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Kakailanganin mo munang pumili ng Primary Care Provider. Maaaring maging espesyalista ang gaganap bilang iyong PCP. Dapat payag at kayang ibigay ng espesyalista ang pangangalagang kailangan mo. Kung gusto mong hilingin na gawing iyong PCP ang isang espesyalista, tumawag sa aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Libre ang tawag.

Nauugnay ang mga PCP ng aming plano sa mga medikal na pangkat. Kapag pumili ka ng iyong PCP, pinipili mo rin ang nauugnay na medikal na pangkat. Nangangahulugan ito na isasangguni ka ng iyong PCP sa mga espesyalista at serbisyo na nauugnay rin sa kanyang medikal na pangkat.

- Kung mayroong partikular na espesyalista o ospital na gusto mong bisitahin, mahalagang tingnan kung nauugnay ba sila sa iyong medikal na pangkat ng PCP. Maaari kang tumingin sa direktoryong ito, o tanungin ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Health Net Cal MediConnect upang tingnan kung gumagawa ng mga referral sa espesyalistang iyon o gumagamit ng ospital na iyon ang PCP na gusto mo.
- Kung hindi ka mananatili sa medikal na pangkat ng iyong PCP, maaaring hindi saklawin ng Health Net Cal MediConnect ang serbisyo.

Upang pumili ng PCP, pumunta sa listahan ng mga provider at pumili ng provider:

- ginagamit mo na, **o**
- inirekomenda ng isang taong pinagkakatiwalaan mo, **o**
- may mga tanggapang madali mong mapupuntahan.
- Kung kailangan mo ng tulong sa pagpili ng PCP, mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Libre ang tawag na ito bumisita sa www.healthnet.com/calmediconnect.
- Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung babayaran ba namin ang anumang serbisyo o medikal na pangangalaga na gusto o kinakailangan mo, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro at magtanong **bago** mo kunin ang serbisyo o pangangalaga.

Mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS)

Bilang miyembro ng Health Net Cal MediConnect, maaari kang makakuha ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports, LTSS), gaya ng Mga Serbisyo para sa Mga Nasa Hustong Gulang sa Komunidad (Community-Based Adult Services, CBAS), Programang Mga Serbisyo sa Nakatatanda na Maraming Layunin (Multipurpose Senior Services Program, MSSP), at pangmatagalang custodial na pangangalaga sa mga pasilidad ng pag-aalaga. Tumutulong ang LTSS sa mga taong nangangailangan ng tulong sa pagsasagawa ng mga pang-araw-araw na gawain gaya ng pagligo, pagbibihis, pagluluto, at pag-inom ng gamot. Ibinibigay ang karamihan sa mga serbisyong ito sa iyong tahanan o komunidad, ngunit maaari din



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

itong ibigay sa isang nursing home o ospital.

Kasama sa mga serbisyong ito ang Community-Based Adult Services (CBAS).

Ang CBAS ay isang pang-umagang programang pangkalusugan sa komunidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga nakatatanda at nasa hustong gulang na may mga pabalik-balik na kundisyon at/o kapansanang medikal, cognitive, o nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip at maaaring mangailangan ng pangangalaga sa institusyon.

Upang mag-apply para sa CBAS, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes.

Kasama sa iba pang pangmatagalang serbisyo at suportang ibinibigay ng Health Net Cal MediConnect ang Programang Mga Serbisyo sa Mga Nakatatanda na Maraming Layunin (MSSP) at pangmatagalang custodial na pangangalaga sa mga pasilidad ng pag-aalaga. Nagbibigay ang MSSP ng mga serbisyo para sa mga 65 taong gulang at mas matanda. Sa pamamagitan ng pangmatagalang custodial na pangangalaga sa mga nursing na pasilidad, natitiyak ng planong pangkalusugan na tuluy-tuloy ang pangangalaga at napaplanong mabuti ang anumang pagpapalit ng serbisyo. Upang maghanap ng mga provider ng mga serbisyong ito, pumunta sa seksyong *Mga pangmatagalang serbisyo at suporta* sa Direktoryong ito.

Makikita ang kumpletong listahan ng mga serbisyong ito sa Kabanata 4 ng iyong Handbook ng Miyembro.

Paano tumukoy ng mga provider na nasa network ng Health Net Cal MediConnect

Dapat makuha mo ang lahat ng iyong nasasaklaw na serbisyo mula sa mga provider sa loob ng aming network na nauugnay sa medikal na pangkat ng PCP mo. Kung magpatingin ka sa mga provider na wala sa network ng Health Net Cal MediConnect at hindi nauugnay sa medikal na pangkat ng iyong PCP (nang walang paunang pahintulot o pag-apruba mula sa amin), kakailanganin mong magbayad ng singil.

Ang **paunang pahintulot** ay pag-apruba mula sa Health Net Cal MediConnect bago ka kumuha ng isang partikular na serbisyo o gamot, o magpatingin sa isang provider na wala sa network. Maaaring hindi saklawin ng Health Net Cal MediConnect ang serbisyo o gamot kung hindi ka makakakuha ng pag-apruba.

Ang mga exception sa alintuntuning ito ay kapag kailangan mo ng agaran o pang-emergency na pangangalaga o dialysis at hindi mo ito makukuha sa provider na nasa plano, tulad ng kapag malayo ka sa tahanan mo. Maaari ka ring magpatingin sa labas ng plano o ng medikal na pangkat ng iyong PCP kung bibigyan ka muna ng pahintulot ng Health Net Cal MediConnect.

Maaaring kailanganin mo ng referral upang magpatingin sa isang taong hindi Primary Care Provider. May higit pang impormasyon tungkol sa mga referral sa Mga mahahalagang termino na seksyon, ng Direktoryong ito.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

- Maaari kang lumipat ng provider sa network anumang oras sa buong taon. Kung nagpapatingin ka sa isang network provider, hindi mo kinakailangang magpatingin sa iisang provider na iyon. Para sa ilang provider, maaaring kailanganin mo ng referral mula sa iyong PCP,
- Tandaan, nauugnay ang mga PCP ng aming plano sa mga medikal na pangkat. Kung papalitan mo ang iyong PCP, mapapalitan mo rin ang mga medikal na pangkat. Kung hihiling ka para magpalit, siguraduhing ipapaalam ito sa Mga Serbisyo sa Miyembro kung nagpapatingin ka man sa isang espesyalista o tumatanggap ng iba pang nasasaklaw na serbisyo na kinakailangan ang pag-apruba ng PCP. Sisiguraduhin ng Mga Serbisyo sa Miyembro na maaari mong ipagpatuloy ang iyong espesyal na pangangalaga at iba pang serbisyo kapag nagpalit ka ng PCP mo.
- Nakikipagtulungan ang Health Net Cal MediConnect sa lahat ng provider na nasa aming network upang tumanggap ng mga taong may kapansanan. Gaya ng naaangkop, kasama sa listahan ng mga network provider sa Direktoryong ito ang impormasyon tungkol sa mga tulong na kanilang ibinibigay.
- Kung kailangan mong magpatingin sa provider at hindi ka sigurado kung nag-aalok sila ng mga tulong na kailangan mo, matutulungan ka ng Health Net Cal MediConnect. Kausapin ang iyong coordinator ng pangangalaga upang humingi ng tulong o tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-855-464-3571 (TTY: 711).

Paano humanap ng mga provider ng Health Net Cal MediConnect sa iyong lugar

Nakapangkat ang direktoryong ito ayon sa uri ng provider at lokasyon. Kasama sa mga uri ng provider ang Mga Primary Care Provider, Espesyalista, Ospital, Pasilidad ng Pag-aalaga, Pasilidad ng Sanay na Pag-aalaga, Ahensya ng Kalusugan sa Tahanan, Provider ng Kalusugan ng Pag-iisip, Pangmatagalang Serbisyo at Suporta, Provider ng Acupuncture, at Provider para sa Paningin. Nakalista ayon sa nakatalagang medikal na pangkat ang Mga Primary Care Provider at Espesyalista, at pagkatapos ay ayon sa lungsod o bayan. Ang lahat ng iba pang uri ng provider ay nakalista ayon sa lungsod o bayan sa loob ng bawat seksyon.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng provider, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Libre ang tawag.

Listahan ng mga network provider

Ang Direktoryong ito ng mga network provider ng Health Net Cal MediConnect ay naglalaman ng:

- **Mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan** kasama ang mga doktor sa pangunahing pangangalaga, espesyalista, nurse practitioner, psychologist, at parmasya; at



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

- **Mga pasilidad** kasama ang mga ospital, pasilidad ng pag-aalaga, pasilidad ng sanay na pag-aalaga, pasilidad para sa kalusugan ng pag-iisip; at
- **Mga provider ng suporta** kasama ang mga arawang serbisyo para sa matatanda, ginagabayang pamumuhay, mga serbisyong nakatuon sa mga consumer, mga pagkaing inihahatid sa tahanan, mga home health agency; at
- **Mga provider para sa paningin; at**
- **Mga provider ng acupuncture.**

Nakalista sa alpabetikong pagkakaayos ang mga provider ayon sa mga apelyido. Bukod pa sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan, kasama rin sa listahan ng provider ang, halimbawa, mga espesyalidad at kasanayan gaya ng mga wikang ginagamit o pagkumpleto ng pagsasanay sa kultural na kakayahan.

Ang **pagsasanay sa kultural na kakayahan** ay karagdagang pag-aaral para sa aming mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na makakatulong sa kanilang mas maunawaan ang iyong pinagmulan, mga pagpapahalaga, at mga paniniwala upang maiayon ang mga serbisyo sa iyong mga pangangailangan sa lipunan, kultura, at wika.

Mga provider na nasa network ng Health Net Cal MediConnect

Nakaayos nang ayon sa unang titik ng medikal na pangkat ang mga provider sa direktoryong ito. Maaari kang kumuha ng mga serbisyo mula sa anuman sa mga provider na nasa listahan. Para sa ilang serbisyo, maaaring kailanganin mo ng referral mula sa iyong PCP.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Impormasyon Tungkol sa Accessibility

Nasa ibaba ang impormasyon sa direktoryo ng provider upang isaad ang accessibility sa opisina o gusali sa lugar ng provider. Hindi isang pangako ang impormasyong ito na palaging mayroong access ang bawat doktor na maaaring kailanganin mo para sa isang kapansanan. Dapat kang tumawag sa tanggapan ng doktor upang pag-usapan ang tungkol sa mga kinakailangan mong access para sa iyong kapansanan.



Mga Kinakailangan sa Accessibility:

Karaniwan: Mayroon ang pasilidad ng pitong kinakailangan sa accessibility, bukod sa T.

Limitado: Kulang ang pasilidad ng isa o higit pa sa pitong kinakailangan sa accessibility, bukod sa T.

Indicator	Kahulugan	Pamantayan
ASL	Mga Karatula (ASL)	Mga karatulang may Braille at mga nakaangat na mahahawakang titik sa tanggapan, elevator, at pintuan ng palikuran.
P	Parking	Naa-access ang mga espasyo para sa parking spaces, kasama ang (mga) espasyong naa-access ng van. Ang mga daanan ay may mga ramp sa gilid sa pagitan ng parking lot, opisina, at sa mga lugar para sa paghahatid.
EB	Sa labas ng gusali	Sapat ang laki ng mga ramp sa gilid at iba pang ramp sa gusali para sa gumagamit ng wheelchair o scooter. Mayroong mga hawakan sa magkabilang bahagi ng ramp. Sapat ang laki ng pagkakabukas ng mga pinto upang pumasok ang gumagamit ng wheelchair o scooter, at mayroong mga hawakang madaling gamitin.
IB	Sa loob ng gusali	Sapat ang laki ng pagkakabukas ng mga pinto upang pumasok ang gumagamit ng wheelchair o scooter, at mayroong mga hawakang madaling gamitin. Sapat ang laki ng mga ramp sa loob at mayroong mga hawakan. Kung may mga hagdan, may mga hawakan. Ang elevator ay may mga madadaling maring na tunog at button ng Braille na madaling maabot. May sapat na laki ang elevator upang makaikot ang gumagamit ng wheelchair o scooter. Kung mayroong platform lift, magagamit ito nang mag-isa.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

R	Restroom (Banyo)	Naa-access ang banyo at may sapat na laki ang mga pinto para makapasok ang wheelchair o scooter at madaling buksan ang mga ito. May sapat na laki ang banyo upang makaikot ang wheelchair o scooter at maisara ang pinto. May mga makakapitan kaya madali lang ang paglipat mula sa wheelchair patungo sa inidoro. Madaling puntahan ang lababo at madaling maabot at magamit ang mga lababo, sabon at tisyu.
E	Exam room (Kwarto para sa pagsusuri)	Naa-access ang pasukan patungo sa kuwarto para sa pagsusuri, walang nakaharang. May sapat na laki ang mga pinto para makapasok ang wheelchair o scooter at madaling buksan ang mga ito. May sapat na laki ang kuwarto para sa pagsusuri upang makaikot ang wheelchair o scooter.
PA	Mga lugar para sa kalahok	Mapupuntahan at magagamit ng mga miyembro ang lahat ng pampublikong lugar at kagamitan kahit na walang tulong mula sa iba.
PD	Paggamit para sa diagnosis at paggamot sa pasyente	Maa-access at magagamit ng mga pasyente ang mga lugar at kagamitan para sa pagsusuri at paggamot.
T	Exam table o scale (Mesa para sa pagsusuri/timbangan)	Nausog pataas at pababa ang mesa para sa pagsusuri at naa-access ang timbangan nang may mga hawakan upang tulungan ang mga taong may mga wheelchair at scooter. Maaaring gamitin ang wheelchair sa timbangan.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Listahan ng mga parmasyang nasa network

Makikita sa bahagi ng Direktoryong ito ng listahan ng mga parmasyang nasa network ng Health Net Cal MediConnect. Ang mga parmasya sa network na ito ay mga parmasyang sumang-ayon na magbibigay ng mga inireresetang gamot sa iyo bilang miyembro ng plano.

- Dapat gamitin ng mga miyembro ng Health Net Cal MediConnect ang mga parmasya sa network upang makakuha ng mga inireresetang gamot.
 - Dapat gamitin mo ang parmasya sa network maliban sa emergency o mga sitwasyong kailangan ng agarang pangangalaga.
 - Kung pupunta ka sa isang parmasya sa labas ng network para sa iyong mga inireresetang gamot kapag wala namang emergency, kakailanganin mong magbayad mula sa sarili mong bulsa para sa serbisyo. Basahin ang Handbook ng Miyembro ng Health Net Cal MediConnect para sa higit pang impormasyon.
- May ilang parmasya sa network na maaaring hindi nakalista sa Direktoryong ito.
 - May ilang parmasya sa network ang maaaring idinagdag o inalis sa aming plano pagkatapos ma-publish ng Direktoryong ito.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga parmasyang nasa network ng Health Net Cal MediConnect sa iyong lugar, pakibisita ang aming web site sa www.healthnet.com/calmediconnect o tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-855-464-3571 (TTY: 711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Libre ang tawag.

Upang makakuha ng kumpletong paglalarawan ng iyong coverage ng reseta, kasama kung paano pupunan ang mga reseta mo, pakibasa ang *Handbook ng Miyembro at Listahan ng Mga Nasasaklaw na Gamot* ng HealthNet Cal MediConnect. Maaari mong tingnan ang listahan ng gamot sa aming website sa www.healthnet.com/calmediconnect.

Paano tumukoy ng mga parmasyang nasa network ng Health Net Cal MediConnect

Kasama ang mga retail pharmacy, kabilang sa network ng mga parmasya ng iyong plano ang:

- Ang mga mail order pharmacy ay nagpapadala ng mga nasasaklaw na inireresetang gamot sa mga miyembro sa pamamagitan ng koreo o mga kumpanya sa pagpapadala.
- Ang mga home infusion pharmacy ay naghahanda ng mga inireresetang gamot na ibinibigay sa pamamagitan ng vein, sa kalamnan, o sa iba pang paraang hindi sa pamamagitan ng bibig, na ibibigay ng sinanay na provider sa iyong bahay.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

- Ang mga long-term care (LTC) pharmacy ay nagbibigay ng serbisyo sa mga residente ng mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, gaya ng mga nursing home.
- Ang mga specialty pharmacy ay nagbibigay ng mga gamot na para sa mga komplikado o bihirang malubhang kundisyon gaya ng cancer, rheumatoid arthritis, hemophilia, H.I.V.

Hindi mo kinakailangang patuloy na magpunta sa iisang parmasya upang punan ang iyong mga reseta.

Mga pangmatagalang supply ng reseta

- **Mga Mail Order Program.** Nag-aalok kami ng mail order program na magbibigay-daan sa iyo upang makakuha ka ng hanggang 90 araw na supply ng iyong inireresetang gamot na direktang ipapadala sa tahanan mo. Pareho lang ang copay ng 90 araw na supply at isang buwan na supply.
- **Mga 90 araw na Retail Pharmacy Program.** May ilang retail pharmacy rin ang nag-aalok ng hanggang 90 araw na supply ng nasasaklaw na inireresetang gamot. Pareho lang ang copay ng 90 araw na supply at isang buwan na supply.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Mga parmasyang nasa network ng Health Net Cal MediConnect

Pinagpangkat-pangkat ang Direktoryo ayon sa uri ng parmasya at lokasyon. Kasama sa mga uri ng parmasya ang Mga Retail at Chain, Mail Order, Home Infusion, Long-Term Care, at Specialty pharmacy. Nakalista ang mga parmasya ayon sa county, lungsod, at ZIP code sa loob ng bawat seksyon. Maaari kang pumunta sa anuman sa mga parmasyang nasa aming network.

Mga mail order pharmacy

Maaari mong ipadala ang mga inireresetang gamot sa iyong tahanan sa pamamagitan ng aming programa ng network mail order delivery. Dapat kunin ng pharmacy ang iyong pag-apruba bago ipadala ang anumang gamot sa iyo.

May opsyon ka ring mag-sign up para sa awtomatikong pagpapadala ng mail order. Karaniwan, dapat asahan mong makukuha mo ang iyong inireresetang gamot sa loob ng 10 araw mula sa petsa na nakuha ng mail order pharmacy ang order. Kung hindi mo makukuha ang iyong (mga) inireresetang gamot sa panahong ito, kung gusto mong kanselahin ang isang awtomatikong order, o kung kailangan mong humiling ng refund para sa mga resetang natanggap mo na hindi mo gusto o kailangan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa 1-855-464-3571 (TTY 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Libre ang tawag. O kaya tawagan ang iyong mail order pharmacy, ang CVS Caremark, sa 1-888-624-1139, (TTY: 711) at ang Homescripts sa 1-888-239-7690, (TTY: 711). Upang matuto pa tungkol sa mga mail order pharmacy, tingnan ang Kabanata 5 ng *Handbook ng Miyembro*.

Mga home infusion pharmacy

Sa pangkalahatan, ang mga home infusion pharmacy ay para sa mga pasyenteng tumatanggap ng home infusion therapy at maaaring hindi maging available sa lahat ng miyembro. Maaari kang pumunta sa anumang home infusion pharmacy sa aming network ng parmasya. Para sa higit pang impormasyon, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Libre ang tawag.

Mga long-term care pharmacy

Maaaring i-access ng mga residente ng pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, gaya ng isang nursing home, ang kanilang mga inireresetang gamot na sinasaklaw sa ilalim ng Health Net Cal MediConnect sa pamamagitan ng parmasya ng pasilidad o iba pang parmasyang nasa network. Upang matuto pa tungkol sa saklaw sa gamot sa mga espesyal na sitwasyon, tingnan ang Kabanata 5 ng *Handbook ng Miyembro*.

Karaniwang para sa mga residente ng pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga ang mga long-term care pharmacy at maaaring hindi ito available sa lahat ng miyembro. Para sa karagdagang impormasyon, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Libre ang tawag.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Mga Specialty Pharmacy

Ang mga specialty pharmacy ay nagbibigay ng mga gamot na ginagamit para sa mga komplikado o bihirang malubhang kundisyon gaya ng cancer, rheumatoid arthritis, hemophilia, H.I.V. Para sa karagdagang impormasyon, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-8571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Libre ang tawag.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Maaari kang mag-iwan ng mensahe pagkatapos ng mga oras ng negosyo, kapag weekend, at kapag holiday. Tatawagan ka namin sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.